



Paghahanda para sa Iyong Remote na Paglilitis sa Hukuman sa Zoom – *Mabilisang Gabay sa Pagsisimula*



PANOORIN ANG MGA VIDEO!

Para sa higit pang impormasyon sa paggamit ng Zoom para sa iyong remote na paglilitis sa hukuman, pumunta sa <https://www.courts.ca.gov/VRI.htm>. O kaya, i-scan ang QR code.

1

PILIIN ANG IYONG DEVICE

Puwede kang gumamit ng computer (desktop o laptop), tablet, o smartphone para kumonetka sa Zoom. Ang iyong device ay dapat may video camera at mikropono.



Kung wala ka ng ganitong mga device, dumulog sa hukuman. Posibleng may iba kang opsyon, tulad ng pag-dial in sa Zoom gamit ang landline o mobile phone.

2

INIREREKOMENDA – I-DOWNLOAD ANG ZOOM APPLICATION

- Computer: Pumunta sa <https://zoom.us/download> at i-download ang Zoom Client for Meetings.
- Tablet o smartphone: pumunta sa App Store o Google Play at i-install ang Zoom Cloud Meetings app.



Kapag na-download mo ang Zoom, magkakaroon ka ng higit pang access sa lahat ng feature nito, at libre ito.

3


I-TEST ANG IYONG CAMERA AT MIKROPONO

Pumunta sa <https://zoom.us/test> para sumali sa isang test meeting. (Isang test lang ito at walang iba ang nasa meeting.)

- Tingnan kung nakikita mo ang iyong sarili at mayroon kang sapat na ilaw.
- Tingnan kung gumagana ang iyong mikropono.
- lensayong i-off at i-on ang iyong mikropono at camera sa pamamagitan ng pagpili sa mga icon na ito.



Ang pulang slash sa mikropono o camera ay nangangahulugang naka-off ito. Kapag walang pulang slash, ang ibig sabihin ay naka-on ito. Dapat ay naka-off ang iyong mikropono (naka-mute) kapag hindi ka nagsasalita.



4

PUMILI NG TAHIMIK NA LOKASYON

Pumili ng lugar tahimik na lugar kung saan puwede kang manatili nang hanggang sa ilang oras nang hindi naaabala at nang hindi mo kailangang gumawa ng ibang bagay, gaya ng trabaho o pagmamaneho. Lubos na inirerekomendang pumili ka ng tahimik na lugar ng iyong bahay o isang pribadong lokasyon. Depende sa kalendaryo ng hukuman, posibleng kailanganin mong maghintay sandali bago matawag ang iyong kaso.



Tiyaking ang background ng lokasyong pipiliin mo ay naaangkop para sa hukuman.

5

SURIIN ANG IYONG KONEKSYON SA INTERNET O SIGNAL NG TELEPONO

- Computer o tablet: Pumunta sa <https://www.speedtest.net/>. Nangangailangan ang Zoom ng minimum na bilis na 1 Mbps (upload at download) para sa panggrupong video calling.
- Smartphone: Kung gumagamit ng cellular data, siguraduhin na ikaw ay nasa isang lugar kung saan mayroon kang sapat na signal para kumonekta nang walang mga isyu sa iyong audio o video.



Tiyaking i-off ang ibang device at application na posibleng gumagamit ng internet.

6

PLANUHING MAGDAMIT NANG NAAANGKOP

Kahit hindi ka pupunta sa hukuman nang personal, dapat ka pa ring manamit nang naaangkop. Hindi mo kailangang magdamit ng suit, pero dapat magpakita ng respeto sa hukuman ang damit na pipiliin mo.



Pumili ng damit na maisusuot mo sa isang propesyonal na opisina o pangnegosyo.

7

IHANDA ANG IYONG MGA MATERYAL

- Ihanda ang lahat ng dokumentong posibleng kailanganin mo para sa paglilitis.
- Ihanda ang iyong link ng meeting link o meeting ID at passcode sa Zoom.
- Maghanda ng papel at bolpen o lapis para sa pagsusulat ng mga tala.
- I-charge ang iyong device at magkaroon ng power cable sa malapit.



Kung kailangan mong magpakita ng isang dokumento bilang bahagi ng iyong paglilitis sa hukuman, alamin sa hukuman para malaman ang pinakamahasay na paraan para gawin ito. Posibleng hilingin ng hukuman na ipadala mo ito sa pamamagitan ng email nang mas maaga.



8

MAKIPAG-UGNAYAN SA HUKUMAN KUNG KAILANGAN MO NG TULONG

Kung nakakaranas ka ng anumang teknikal na problema, makipag-ugnayan sa hukuman sa lalong madaling panahon. Makipag-ugnayan din sa hukuman o sa iyong abugado nang mas maaga kung kakailanganin mo ng interpreter para sa iyong paglilitis sa hukuman.



Tingnan ang website ng iyong lokal na hukuman para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.